

Mga Tauhang tumutulong sa Distrito

Mga Hindi- Nagtuturo na Tauhang Tumutulong sa Distrito

Ito ay mga bihasa at eksperto na tauhan ng distrito na nagbibigay ng espesyal na suporta at serbisyo.

1. Multicultural Liaison Workers (MCLWs)

- Ang MCLWs ay pamilyar sa sistema ng eskwelahang pampubliko at may mga karanasan sa isyus ng “cultural integration” (paano pagsama-samahin ang bagong kultura at ang kulturang pinanggalingan) “cross-cultural communication” (pakikipag-komunika sa iba’t ibang lahi at wika).
- Nagbibigay sila ng tulong sa iba’t-ibang wika para matulungan ang mga mag-aaral at mga magulang na maintindihan ang sistema ng eskwelahang pampubliko, masanay sa bagong pamumuhay at pagkilala ng panibagong kultura.
- Nagbibigay din sila ng suporta sa mga eskwelahan para ma-assess ang pangangailangan ng mga ESL/ELL na mag-aaral at matulungan silang makataguyod ng programa na angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral na may iba’t-ibang pinanggalingan.

2. Programa ng Settlement Workers in Schools (SWIS)

- Ang SWIS ay direktang nakikitungo sa mga imigrante at refugee na mag-aaral at mga pamilya.

- Tumutulong sila para maisaayos ang pag-adjust ng mga pamilya sa kanilang bagong komunidad, tirahan at eskwelahan.

3. School Liaison Officers (SLOs)

- Ang SLOs ay miyembro ng lokal na departamento ng mga pulis.
- Ang isang pulis ay kadalasan nakatalaga sa iba’t-ibang paaralan.
- Nagbibigay sila ng mga programa tungkol sa kaligtasan, ang batas, at ang papel ng pulis sa komunidad.
- Nakatuon sila sa paghinto ng krimen, at pag-imbestiga ng kahit na anong iligal na gawain.

4. School Based Community Nurse

- Ang Community nurses ay tumutulong sa pisikal at emosyonal na pangangailangan ng indibiduwal na mag-aaral.
- Sila ay nagmo-monitor ng mga mag-aaral na may mga kalagayang medikal.
- Pinapadala nila ang mga mag-aaral sa mga nararapat na tulong sa komunidad.
- Sila rin ang nagko-koordinate sa mga “health room resources”.
- Nagtuturo o nakikituro din sila ng mga paksa tungkol sa kalusugan.

“District Support Staff”



“Mga Tauhang Tumutulong sa Distrito”

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL/ELL na guro at ng grupong VSB MCLW.



Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

Mga Tauhang Tumutulong sa Distrito Support Staff



Sino Sila?

Ano ang Kanilang mga Tungkulin?

Mga Tauhang Tumutulong sa Distrito



Ang mga taong tumutulong sa inyong mga anak at kanilang mga guro ay nandiyan para siguraduhin na malinang ang pinakamahusay na kakayahan ng lahat ng mga bata sa eskwelahan sa ligtas at masayang kapaligiran.

Itong brosyur ay naglalarawan ng mga papel na ginagampanan ng ilan sa mga bihasa na mga tauhan na nagbibigay ng ekstrang suporta sa mga mag-aaral at mga guro.

Mga Tauhang Tumutulong na naka- talaga sa Distrito:

Ito ang mga guro at iba pang bihasa na mga tauhang tumutulong at nakatalaga sa iba't-ibang paaralan. Sila ay nagtatrabaho kasama ng mga tauhan ng eskwelahan at tumutulong sa pagtaguyod ng espesyal na programa para sa mga mag-aaral.

Ang mga Tauhang naka-talaga sa distrito ay:

1. District Resource Teachers (DRTs)

- Ang mga DRTs ay katuwang ng mga guro sa klase na tumutulong sa pag-akma at pagbago ng mga materyales para sa mas mahusay na pagtugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na may "special needs" kasama pati ang may kapansanan sa pandinig at paningin, learning disabled, at yung may problema sa pag-uugali.

2. Speech and Language Pathologists (SLPs)

- Ang mga SLPs ay bihasa sa "speech development"(pananalita).
-Nagtatrabaho sila kasama ng mga guro sa pag-assess ng "speech development" ng mag-aaral at magbigay ng suhestiyon para sa remedyo, kung kinakailangan.

3. School Psychologists

- Ang mga School psychologists ay bihasa sa pag- assess ng mga mag-aaral na hirap matuto. Ang tawag sa pagsusuring ito ay "Psycho-Educational Assessment".

- Nagtatrabaho sila kasama ng mga guro para malaman ang pangangailangan sa assessment at magbigay ng rekomendasyon base sa resulta.

Community School Teams (CST)

Ang Community School Teams ay binubuo ng Coordinator, Guro, Youth at Family Worker (YFW), at ang Programmer. Itong grupo ay nagtatrabaho kasama ng mga mag-aaral sa elementary at high school. Nagbibigay sila ng suportang akademiko, pati na rin ang sosyal at emosyonal na suporta para sa mga mag-aaral at mga magulang.

1. CST Coordinator

- Ang Coordinators ang bumubuo ng "partnerships" sa komunidad at ng eskwelahan.
- Kasama ng grupo ng eskwelahan at komunidad, sila ay nagtataguyod ng mga programa na kinakailangan ng mga paaralan at komunidad.
- Sila rin ang nagtatatag ng programa pagkatapos ng klase (after-school programs) para sa mga mag-aaral, at nagbibigay ng tulong sa mga tauhan ng eskwelahan para sa mga espesyal na proyekto.

2. CST Teacher

- Ang CST Teachers ang sumusuporta sa transisyon ng mga mag-aaral galing sa elementarya papunta sa high school.
- Sila ang nagbibigay ng masinsinang suportang akademiko para sa indibiduwal o grupo ng mag-aaral.

3. CST Youth at Family Worker (YFW)

-Ang mga YFWs ay bihasa para magbigay ng suporta sa sosyal at emosyonal na pangngailangan ng mga mag-aaral.
- Kadalasan nagtatrabaho sila kasama ng mga mag-aaral na hindi nakakatanggap ng ibang uri ng suporta.
-Nagtatrabaho sila kasama ang mga mag-aaral at mga pamilya sa labas ng klase..
- Direkta silang tumutulong sa mga mag-aaral at mga pamilya na magkaroon ng koneksiyon sa eskwelahan, komunidad at iba pang mga ahensiya.

4. CST Programmer

- Ang Programmers ay nagtatrabaho kasama ng mga coordinators para pangasiwaan ang mga programa sa eskwelahan.
- Nagsasanay din sila ng mga mag-aaral sa high school para makatulong sa "lunch hour" at programa pagkatapos ng klase na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa elementarya.

